**IkalimangLinggo ng Kuwaresma (A) – 22.03.2026**
Ez 37:12–14; Rom 8:8–11; Jn 11:1–45

**TinatawagTayo ng Diyossa Buhay**

**Ang biyaya ng atingPanginoongHesukristo, natumatawagsaatinmulasakamatayantungosapagkabuhay at nagtitiponsaatinsapakikipag-isa ng Simbahan, ay sumainyong lahat.**

## Panimula

Malugod ko kayongtinatanggapsaatingpagdiriwangngayongIkalimangLinggo ng Kuwaresma. Noong unangpanahon, ang Linggongito ay tinatawagnaLinggo ng Pasyon.

Ngayongaraw, inilalapitnatinsaDiyos kung ano man ang atingkalagayan: dala ang atingmgakatanungantungkolsabuhay at kamatayan, dalaang atingmgapangamba at pag-asa, ang atingmgapagkakasala at pagnanais ng kapatawaran, at ang atingpaghahanapsaDiyosmismo.

Ilang taonna ang nakakalipasnangmay isanglalaki ang nagkuwentosa akin tungkolsakanyangbuhaynaparang tumigilng tuluyan. Nawalansiya ng trabaho, humina ang kanyangkalusugan, at linayuansiya ng ilansakaniyangmgakaibigan. Sinabiniya, *“Para akonginilibingnangbuhay. Hindi akopatay—peropara akonghindimakawala.”*Ang nagligtassa kanya ay hindiisangbiglaanghimala, kundiisangtinig: isangkaibigangtumawagsa kanya, isangkomunidadnanakapansinsa kanya, at isangmaliitnapaanyayaupangmagsimulangmuli. Unti-unti, bumalik ang kanyangbuhay.

Iyan ang kuwento ng mgapagbasangayon.

Pakiramadam ng bayan ng Israel nasilaay parang nakabaonsapagkakalayonilasasarilinglupain. Si Lazaro ay nakahimlaysakanyanglibingan. At tayo rin ay may mgabahagi ng atingbuhaynatilasarado, mabigat, at walangsigla.

Ngunitngayongarawmaririnig natin ang isangDiyosnahinditinatanggapna ang libingan ang siyanghulingsalita.

Isang Diyosnanagsasabisapamamagitan ng propeta:*“Bubuksan ko ang inyongmgalibingan.”*

At isang Kristo natumatayosaharap ng kamatayan at tumatawagsapangalan:*“Lumabas ka!”*

Sa pagsisimula natin ng Eukaristiya, magingtapat tayo tungkolsamgaparaannakailangannatingmuling mabuhay—at tungkol din samgapagkakataong tayo mismo ang nagtatalisaibasatakot, paghuhusga, o pagwawalang-bahala. Kaya humihingi tayo ngayon ng awa ng Diyos.

## Homiliya: TinatawagTayo ng Diyossa Buhay – Mula saLibinganTungosa Bagong Simula

Hayaan ninyongmagsimulaakosaisangkuwento.

Ilang taonna ang nakakalipas, ikinuwentosa akin ng isakongkaibigan ang panahonnangmagkasakit ng malubha ang kanyangbatanganak. Agadsiyangtumawagsaisangkapitbahay—isangdoktor, isangtaongpinagkakatiwalaanniyatungkolsabuhay ng kanyanganak. Ngunithindiitonakaratingkaagad. Pumanaw ang bata.

Sinabiniya, *“Pakiramdam ko ay pinabayaanako, walaakongmagawa, parang tumigil ang mundo.”*

Ngunitsiya ay nagpatuloy: makalipas ang ilangbuwan, natuklasanniyangmuli ang isangbagongparaan ng pamumuhay—yakapin ang buhaynang mas buo, pahalagahan ang bawatpagtibok ng puso, bawat

tawa, bawatpagsalu-salo. Bumalik ang buhaysa kanya—hindisapag-alis ng lungkot, kundisapagkatutong mabuhay kasamaito at mulingmakatagpo ng pag-asa.

Ito ang ipinapahayag ng Ebanghelyongayonsakuwentoni Lazaro.

Hindi nagmadalisiHesusnapumuntasa Betania. Patay nasi Lazaro nang Siya ay dumating. Ngunitsagitna ng dalamhati, pagkaantala, at pag-aalinlangan, unti-untingnahahayag ang plano ng Diyos. TinatawagniHesus ang buhaymulasakamatayan—hindilamangsapisikalnaparaan, kundipatisaespirituwal, saugnayan ng tao, at sadamdamin.

Ipinahayag ng propetang Ezekiel ang isangparehongpangako ng Diyosilangsiglobagopa man itomangyari. Ang bayan ng Israel, naipinataponsa Babilonia, ay parang nawalanna ng pag-asa. Para bang tuyongmgabuto ang kanilangkalagayan; wasak ang kanilanglungsod at templo.

Ngunitsinabi ng Diyossapamamgitanni Ezekiel:
*“Bubuksan ko ang inyongmgalibingan at ibabalik ko kayo sainyonglupain. Hihipan ko kayo ng hininga ng buhay.”*

Ang pangakongito ay hindilamang para samgaIsraelita. Ito ay para rinsabawat isa saatin. Mula sapagkatapon, pang-aapi, kawalan ng pag-asa, o kalungkutan ng buhay, tinatawag tayo ng Diyospabaliksabuhay, sakomunidad, at sapag-asa.

Isipinninyo ang Miyerkules ng Abo, nanglagyan tayo ng abo sanoo at sinabi:
“Alalahanin mong ikaw ay alabok at saalabok ka babalik.”

Isang matindingpaalala ng atingpagiging mortal. Ngunitngayon, may ibinubulong ang Kuwaresmanahigit pa dito: hindikamatayan ang hulingsalita. Ang Espiritu nabumuhay kay Hesusmulasamgapatay ay nananahansaatin at tumatawagsaatinsabuhaykahitngayon pa lamang.

Makikita natin itosaEbanghelyo.

Apatnaarawnangnakalibingsi Lazaro. Nagluluksa ang kanyangmgakapatidnasina Marta at Maria. Nandoon din ang kanilangmgakaibigan at kapitbahay. At siHesus ay umiyak.

Hindi Niya agadinalis ang lungkot. Pinasok Niya ito. Hinarap Niya ang dalamhatinang may habag. At binago Niya ang takot at kawalan ng pag-asasapamamagitan ng Kanyangpresensya at pagmamahal.

Tulad ng ipinahayagni Marta:
*“Oo, Panginoon, naniniwalaakona Ikaw ang Mesiyas, ang Anak ng Diyos.”*

Nais kongisipin ang tagpongiyonsa Betaniasaganitongparaan: Isipin mong para kang nasaisangmadilimnasilid, pasan ang bigat ng lungkot o pagkakasala, at may tumatawagsaiyongpangalan: “Lumabas ka!”

Paano ka tutugon?

Sa una, maaaring may pagdududa. Maaaring may takot. Ngunit ang mismongpagtawag ay isanghudyat ng buhay.

Tinatawag tayo niHesuspalabassamgalibinganghindi natin kayang iwan nang mag-isa—mgalibingan ng kawalan ng pag-asa, galit, pagkakasala, o pag-iisa.

Sinabi Niya: *“Lumabas ka!”*

At pagkatapos, ayunsaEbanghelyo, hiningi Niya natumulong ang iba:
*“Kalaganninyosiya at pabayaansiyangmakalaya.”*

Ang bagongbuhay ay hindinagaganapnang mag-isa. Ito ay nabubuhaysakomunidad—may suporta, pagmamahal, at pag-aaruga.

May nananatilingmgakatanungan: si Lazaro ay mulingnabuhay, ngunitpaano ang kanyangbuhaypagkatapos?Nabuhaybasiyanangnaiibasakanyangunangbuhay?

Nananatilingtahimik ang Ebanghelyotungkoldito. Layuninnitonahuwagtayongmagtanongtungkolkay Lazaro ngunitdapat ay magtanong tayo parasaatingmgasarili: Paano tayo tumutugonsabuhay at kamatayan? Sa pagkawala at dalamhati? Sa mgapangalawangpagkakataongibinibigay ng Diyossaatin, upangmakapamuhay ng mas may saysay, mas may tapang, mas may pagmamahal?

At hindilamangsamgapambihirangsandalinangyayari.  Ang mulingpagkabuhay ay nangyayarisa pang-araw-arawnabuhay.

Kapag ang isangina ay galingsatrabhoniyasa gabi at ipinapanalanginangkanyangmgaanak.
Kapag ang isangbinata ay pinipilingmagpatawadkaysamagalit.
Kapag ang isangparokya, na pagod at kumokonti ang mgaparokyano, ay mulingbumabaliksamisyonnitongpaglilingkod, presensya at pagmamalasakit.

Mula sabawatsulok ng limitasyon ng tao, tinatawag ng Diyos ang buhay.

Naalala ko ang isangmatandangpilosopo, si Odo Marquard, nanoongika-walumpongkaarawanniya ay nagsabi:*“UmaasaakosaDiyosna, pagkatapos ng akingkamatayan, ay hindiakomulingbubuhayin at hahayaannalamangakongmatulog.”*

Maaaringtamasiya—maaaring may pahingapagkatapos ng kamatayan. Ang bawatumaga ay parang mulingpagkabuhay, ang bawatgawa ng habag ay maliitnapagbangonmulasalibingan.

Tinatawag tayo niHesusnakilalanin natin na ang kamatayan—pisikal man, espirituwal, o emosyonal—ay hindisiyaang wakas.Tinatawag Niya tayo sapag-asa, sapananampalataya, at sapagkilos. Tinatawag Niya tayo natuminginsamgapalatandaadn: angpagpapakainsamganagugutom, ang pagpapagalingsanapinsala, pagpapatawadsanagkasala, at pakikipagkaibigansa nag-iisa.

Ito ang mgapalatandaannanagpapahiwatigsabuhaynawalanghanggannaibinibigayng Diyos.  Ito ay mgapaanyayaupangtayo’ymagtiwala, kumilos, at magmahal.

At saatingpagngingilaytungkol kay Lazaro, samgapagkataponsaBabilonya, samgapagdadalamhatisamgabuhaynanapaikli, at saatingmgasarilingpag-aalinlangan o kawalan ng pag-asa, maririnig natin ang isangpaanyayanamas higitsaiba:  *Lumabas ka.  Mabuhay ka.  Umasa ka.  Magtiwala ka.* Ang Espiritu ng Diyos ay aktibo.  Si Hesus, ang mulingpagka-buhay at mismongbuhay , ay nasaating piling.  Kahit hindi man natin nakikita ang kinabukasan, kahitna parang hindinatin nagagalaw ang batongnakabalakidsaatingbuhay, kahitnatilawalangkatapusan ang atingpagdadalamhati, tinatawag tayo ng atingbuhay.

Ipahintulot Ninyo namagtaposakosapamamagitanng isangkuwento.

Sa isangmaliitnanayon, may isangbabaengnawalan ng kanyang nag-iisanganak. Hindi siyamakatulog, hindisiyamakakain, at hindiniyamaisip kung paanomagpapatuloy ang kanyangbuhay.

Isang umaga, naglakadsiyapapuntasailog kung saanmadalassilangmaglaronoon ng kanyang anak. Nauposiyaroon, naghihintay, umiiyak. Napansinsiya ng isangkapitbahay at tahimiknaumuposa tabi niya.

Walang salita,walangpaghuhusga. Ang presensyalamangniya ang kanyangibinigay.

Pagkaraan ng ilangoras, tumayosiya, nag-aalinanganngunitbuhay. Lumabassiyamulasakanyanglibingan, hindilamangdahilsahimala, kundidahilsapag-ibig, sapakikiisasadalamhati, at satahimiknapagtawag ng Diyossa puso ng tao.

At mulasasandalingiyon, muliniyangbinigyanpansin ang buhay: ang sikat ng araw, ang mgaibon, ang tawanan ng mgakapitbahay.  Muli siyangnakipag-usapsaiba, magmalasakit, at mabuhay.  Dumating ang kanyangmulingpagka-buhay – nahindimaingaykundimalumanay, tahimik, at matiyaga.

Mga minamahalkongmgakapatid, tinatawag tayo ng Diyossaatingmgabuhayngayon.

Sa bawatlungkot, bawatlimitasyon, bawattakot, at sabawatlibingansaating puso, sinasabi Niya:

*“Lumabas ka. Kalaganmo ang iyongsarili. Mabuhay ka!”*

At kapagtumugon tayo, kapaglumapit tayo sa Kanya at saisa’t isa, makikita natin na ang buhay—ganap, walanghanggan, at maningning—ay nagsimulana.

Amen.

- **Translated by William Valdrez, Jr.**